


Katipunan ng mga Akda hinggil sa Islam

(Ikalawang Edisyon)



Isinalin
ni
Ahmad Jibreel Salas



Katipunan ng mga Akda hinggil sa Islam

(Ikalawang Edisyon)

Isinalin

ni

Ahmad Jibreel Salas

المكتب التعاوني للدعوة ووعية الجاليات بالربوة

Islamic Propagation Office in Rabwah

P.O.Box 29465 RIYADH 11457 - TEL 4454900 - 4916065

FAX: 4970126 - Email: rabwah@islamhouse.com

<http://www.islamhouse.com>

Unang Limbag 1427 H., 2006 CE

© WAMY

Ang lahat o anumang bahagi nitong aklat ay maaaring gamitin sa anumang pamamaraang paglalahad hangga't ang nilalaman nito'y hindi inililihis sa tamang kahulugan at diwa nito.

Nais naming ipaabot ang aming taos-pusong pasasalamat sa lahat ng tumulong sa pagpapalimbag ng aklat na ito. Nawa'y biyayaan sila ng Allah sa kanilang mga pagsisikap. Kung mayroon kayong pagtutuwid, puna o katanungan hinggil sa aklat na ito, mangyaring makipag-ugnayan lamang sa: **www.islamhouse.com**



1427 H

[4812]

Inilimbag ng:

The Islamic Propagation Office in Rabwah

Tel. 4454900 - 4916065

www.islamhouse.com



Sa Ngalan ng Allah, Ang Mahabagin, Ang Maawain

ISANG SULYAP SA GANDA NG ISLAM

ANG ISLAM AT ANG MGA MUSLIM

Ang salitang **Islam** ay nagmula sa wikang Arabik na may kahulugan na: kapayapaan, pagsuko, pagtalima at pagsunod. Sa pananaw ng relihiyong Islam, ito ay ganap na pagtanggap ng mga aral at alituntunin ng Allah¹ na Kanyang ipinahayag sa Kanyang Huling Propeta na si Muhammadﷺ.

Ang **Muslim** ay isang naniniwala at nananalig sa Allah at nagsusumikap na magampanan at maisa-ayos ng ganap ang kanyang buhay ayon sa ipinahayag na patnubay (Qur'an) at mga aral (Sunnah) ng Propeta. Siya ay nagpupunyagi upang makapagtatag ng isang makabuluhang lipunan ayon din sa naturang patnubay at aral. Ang salitang

¹ Maaaring bago sa pandinig ng di-Muslim ang salitang "**Allah**", nguni't kung marunong lamang magbasa ng wikang semitiko (*Aramaiko, Hebreo, Arabik*, at iba pa) ang mga iskolar ng ibang relihiyon, kanilang matutunghayan na ang "**Allah**" na sinasamba ng mga Muslim ay Siya ring Diyos na Tagapaglikha (*The Almighty Creator*) na kinikilala ng lahat ng Propeta – Katulad nina *Adam, Noah, Abraham, Ismael, Isaak, Lot, Enoch, David, Soliman, Moises, Aaron, Zakariyah, Juan Bautista, Hesukristo*.

"*Muhammadanismo*" ay isang maling katawagan na sadyang sumusugat sa tunay na diwa at kahulugan ng Islam.

Ang salitang "Allah" ay pantanging Ngalan ng Allah sa wikang Arabik. Ito ay isang natatanging kataga sapagka't ito ay hindi nasasangkot sa pang-maramihan o sa anumang kasarian.

ANG KARUGTONG NA MENSAHE

Ang Islam ay hindi isang bagong relihiyon. Sa diwa at buod nito, ito rin ang dating mensahe at patnubay na ipinahayag ng lahat ng Propeta ng Allah.

"Sabihin, kami ay naniniwala sa Allah at sa anumang ibinaba sa amin at sa ipinahayag kay Abraham, Ismael, Isaak, Hakob at sa mga Tribu (na angkan ni Israel) at yaong ipinagkaloob kay Moises, Hesus at sa mga ibang Propeta mula sa kanilang Panginoon. Kami ay hindi nagbibigay ng anumang pagtatangi sa pagitan ng ninuman sa kanila. Kami ay tumatalima bilang Muslim." (Qur'an 3:84)

Ang Islam na ipinahayag kay Propeta Muhammad ﷺ ay kabuuan ng mga naunang mensahe, kaya naman, ito ay malawak sa anyo, ganap at nasa pinakahuling yugto sapagka't ito na ang wakas na Kapahayagan ng Allah sa Sangkatauhan.

"Sa araw na ito, Aking binigyang ganap para sa inyo ang inyong relihiyon, at binuo ng lubusan ang

kagandahang-loob sa inyo at pinili ang Islam bilang inyong relihiyon.” (Qur’an 5:3)

ANG LIMANG HALIGI NG ISLAM

Ang Islam ay binubuo ng limang haligi. Ito ay ang mga sumusunod:

1. Ang ***Shahadah*** (Pagpapahayag o Pagsaksi ng Pananampalataya): Ito ang pagsaksi na walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, at si Muhammad ﷺ ay Kanyang Sugo sa lahat ng nilikha hanggang sa pagsapit ng Araw ng Paghuhukom. Ang pagiging tunay na Propeta ni Muhammad ﷺ ay nagbigay tungkulin sa bawa’t Muslim na sundin o tularan ang kanyang mabuting pamumuhay bilang Huwaran.
2. Ang ***Salaah*** (Pagdarasal): Ang pang-araw-araw na pagdarasal ay isinasagawa limang ulit sa maghapon bilang tungkulin sa Dakilang Allah. Ito ang nagpapatatag at nagbibigay sigla (at lakas) sa pananalig sa Kanya at nagbibigay inspirasyon sa tao upang mabuhay nang marangal at malinis. Ito ang nagpapadalisay sa puso at pinipigil ang mga tukso tungo sa kasamaan at mga kasalanan.
3. Ang ***Zakat*** (Itinakdang Kawanggawa). Ito ay taunang pagbabayad ng 2.5% mula sa naipong yaman bilang tungkuling pangkawanggawa at isang paraan ng paglilinis ng yaman na dapat gugulin sa mga mahihirap at dukhang tao ng isang pamayanan.

4. Ang **Sawm** (Pag-aayuno sa buwan ng Ramadan). Ang mga Muslim sa buwan ng Ramadan ay hindi lamang umiiwas mula sa pagkain, inumin at pakikipagtalik sa asawa mula sa madaling araw hanggang sa paglubog ng araw, bagkus umiiwas din mula sa mga makasalanang layon at pagnanasa. Ito ay nagtuturo ng pagmamahal, katapatan at kabanalan. Pinaunlad nito ang panlipunang kaalaman o kahalagahan ng pag-aayuno, nagtuturo ng pagtitiis, kabaitan at tibay ng loob.
5. Ang **Hajj** (Paglalakbay sa Makkah): Ito ay isinasagawa minsan sa tanang buhay ng isang Muslim kung may kakayahang pananalapi at kalusugan ng katawan.

Bukod sa mga haliging nabanggit sa itaas, ang bawa't kilos o gawain na isinagawa nang may layong pagmamahal at pagbibigay lugod sa Dakilang Allah ay itinuturing bilang mga uri ng pagsamba.

Ang Islam ay nag-aanyaya ng tuwirang pagsamba sa Kaisahan ng Allah at ang pananalig sa Kanyang Kapamahalaan. Ito ang daan upang magkaroon ng mabuting kaisipan tungkol sa tunay na kahulugan at kahalagahan ng buong santinakpan at ang katayuan ng tao sa mundong ito. Ang paniniwalang ito ay nagpapalaya sa tao mula sa lahat ng pangamba (takot) at pamahiin sapagka't kapag sumagi sa isipan na ang lahat ng pangyayari ay nakikita at nababatid ng Makapangyarihang Allah, sa gayon,

tapat na naisasakatuparan ng tao ang kanyang tungkulin sa Kanya. Ang paniniwala at pananampalataya ay nararapat na ipinahahayag at ipinakikita sa pamamagitan ng tapat at maayos na pagsasagawa o pagsasakatuparan ng mga tungkulin. Ang paniniwala ay hindi sapat. Ang paniniwala o pananampalataya sa Makapangyarihang Allah ay nangangailangan ng pagsasaalang-alang sa lahat ng tao bilang isang angkan na nasa ilalim ng kapamahalaan ng Makapangyarihan at Dakilang Allah, ang Tagapaglikha at Tagapagtaguyod at Sandigan ng lahat. Tinatalikdan ng Islam ang paniniwala na mayroong natatanging tao kaya naman itinuturing ng Islam ang tamang pananampalataya at ang mabubuting gawa bilang batayan ng kaligtasan at tanging daan tungo sa Paraiso. Kaya, ang tuwirang ugnayan ay itinatatag sa Allah na walang sinumang tagapamagitan.

TAO BILANG MALAYANG NILIKHA

Ang tao ay binigyan ng natatanging antas sa hanay ng mga nilikha ng Allah. Siya ay ginawaran ng mataas na kakayahan. Taglay niya ang kalayaan sa kanyang kalooban, gawa at pagpili. Ipinakita ng Allah sa kanya ang tamang landas, at ang buhay ni Propeta Muhammad ﷺ ay nagbibigay ng isang huwaring pamumuhay na dapat pamarisan ng sinumang tao. Ang tagumpay at kaligtasan ng tao ay nakasalalay sa pagsunod dito. Nagtuturo ang Islam na ang buhay ng tao ay sagrado at nanghihiikayat ng pantay na karapatan sa lahat ng tao at walang

sinumang itinatangi o kinikilingan batay sa lahi, kasarian o kulay.

Ang Batas ng Allah, na napapaloob sa Qur'an at isinakatuparan o isinabuhay ng Propeta Muhammadﷺ, ay nangingibabaw sa lahat ng kalagayan. Ito ay dapat na ipinatutupad sa pinakamataas at pinaka-mababang uri ng tao, maging siya man ay prinsipe o isang karaniwang tao lamang, pinuno man o nasa ilalim ng kapamahalaan ng iba.

ANG QUR'AN AT ANG HADITH

Ang Banal na Qur'an ay pinakahuling Salita na ipinahayag ng Allah at siyang pangunahing pinagkukunan ng Batas at Aral ng Islam. Ang Qur'an ay humahalaw at sumasakop tungkol sa mga batayan ng pananampalataya (ang Islam), kagandahang-asal, mga kasaysayan ng sangkatauhan, pagsamba, kaalaman, katalinuhan, ugnayang tao at Diyos (Allah) at makataong ugnayan sa lahat ng aspeto ng buhay. Ito ay naglalaman ng malawak na aralin na makapagtatag ng panlipunang katarungan (o batas na walang pagkiling), kabuhayan, pulitika, pamahalaan, ang paghuhukom, mga batas at pakikipag-ugnayan.

Si Propeta Muhammadﷺ ay isang tao na hindi nakapag-aral at hindi marunong bumasa at sumulat. Magkagayunman, naisaulo niya ang Banal na Qur'an at naisulat naman ng kanyang mga mabubuting tagasunod sa ilalim ng kanyang pamamahala noong

kanyang kapanahunan. Ang orihinal at kabuuang paksa ng Qur'an ay inihanda para sa lahat mula sa pinagpahayagang wikang Arabik. Ang pagsasalin nito sa iba't ibang wika ay laganap na ginagamit. Ang Hadith ay mga aral, sawikain at gawain ng Propeta Muhammad ﷺ na maingat na isinalaysay at tinipon ng kanyang matatapat na mga kasamahan. Ito ang nagpapaliwanag sa mga talata ng Banal na Qur'an.

ANG KONSEPTO NG PAGSAMBA

Ang Islam ay hindi lamang nagtuturo ng mga ritwal. Higit na pinagtutuunang pansin ang mabuting layunin at mabuting gawain. Ang pagsamba sa Allah ay pagpapahiwatig ng tamang pagkilala at pagmamahal sa Kanya, ang maging masunurin sa Kanyang mga itinakdang batas sa bawa't aspeto ng buhay, ang mag-aanyaya ng mga gawang kabutihan at magbawal naman ng mga gawang masasama at pang-aapi, ang magsagawa ng kawanggawa at katarungan at maglingkod sa Kanya sa pamamagitan ng pagtulong sa sangkatauhan. Inilarawan ng Qur'an ang konseptong ito sa isang marangal at dakilang pagpapahayag:

"Hindi isang Birr (kabutihan, kabanalan at pagsunod sa Allah) ang iharap ninyo ang inyong mga mukha sa dakong silangan at kanluran (sa pagdarasal) subali't, ang Birr ay ang maniwala sa Allah, at sa Huling Araw, sa mga Anghel, sa Aklat, sa mga Propeta at ang pamamahagi ng yaman sa kabila ng pagmamahal dito, sa mga kamag-anakan, sa mga ulila at sa mga dukha at sa mga naglalakbay at yaong mga

humihingi (ng tulong) at sa pagpapalaya ng mga alipin, at nagsasagawa ng pagdarasal at nagbibigay ng Zakat at tumutupad ng kanilang mga kasunduan kapag sila ay nakipagkasundo at matiisin sa (panahon ng) labis na paghihikahos at (malubhang) karamdaman at sa panahon ng pakikipaglaban. Sila yaong taong makatotohanan at sila ang Muttaqun (may ganap na takot at masunurin sa Allah).”(Qur’an 2:177)

ISLAM: ANG PAMAMARAAN NG BUHAY

Ang Islam ay nagbigay ng isang kabuuang alituntunin sa lahat ng tao upang sundin sa lahat ng kalakaran ng buhay. Ang alituntunin ay sadyang malawak at binubuo ng panlipunan, pangkabuhayan, pampulitikal na adhikain, kagandahang-asal at ispirituwal na aspeto ng buhay. Itinatagubilin ng Qur’an sa tao ang tunay na layunin ng kanyang pansamantalang buhay sa daigdig, ang kanyang mga tungkulin sa kanyang sarili, sa mga kamag-anakan, sa kanyang pamayanan at kapwa tao at higit sa lahat sa kanyang Tagapaglikha. Ang tao ay ginawaran ng pangunahing alituntunin tungkol sa makabuluhang buhay at iniwan sa kanyang sariling pasya ang hamon ng makataong pamumuhay upang ugaliin at sanayin sa pagsasakatuparan ng mga dakilang simulaing ito sa paraang kapaki-pakinabang. Sa pananaw ng Islam, ang buhay ng tao ay isang malinis at magkakaugnay na bahagi at hindi mga pira-pirasong bahagi ng nagpapaligsahan sa isa’t isa. Ang ispirituwal at materyal na pamumuhay ay hindi magkakahiwalay na bahagi ng tao: ang mga

ito ay magkakahugpong at nagkakaisa sa kalikasan ng tao.

ANG MAKATUWIRANG PAANYAYA AT PANAWAGAN NG ISLAM

Ang Islam sa maliwanag at tuwirang pagpapahayag nito ng katotohanan ay mayroong pambihirang lakas na panawagan sa sinumang naghahanap ng kaalaman. Ito ang lunas sa lahat ng suliranin ng buhay. Ito ang patnubay tungo sa isang mabuti at ganap na makahulugang buhay at ang lahat ng bahagi nito ay nag-aalay ng pagluwalhati sa Allah na Makapangyarihan, ang Tagapaglikha at Mahabaging Tagapagtaguyod ng lahat ng nilikha.

ISLAM - ANG TANGING LUNAS SA MGA MAKABAGONG SULIRANIN

Ang Pagkakapatiran ng Tao - Ang mga pangu-nahing suliranin na kinahaharap ng tao sa makabagong panahon ay ang diskriminasyon sanhi ng pagkakaiba-iba ng lahi ng tao. Ang materyal na pag-unlad ng mga ibang bansa ay may kakayahang ipadala ang tao sa (paglalakbay sa) buwan nguni't hindi kayang sugpuin at pigilin ang tao na kamuhian at hamakin ang kapwa tao. Nguni't ang Islam, sa huling 1,400 taon ay nagpakita ng aral kung paano lunasan ang ganitong suliranin. Bawa't taon, ang Hajj ay isang himala ng tunay na diwa ng pagkakapatiran ng lahat ng lahi ng tao at bansa at ito ay isang patunay na ating matutunghayan bilang lunas

sa hidwaan sanhi ng iba't ibang lahi ng tao (racial discrimination).

Ang Pamilya: Ang pamilya na tumatayo bilang pangunahing bahaging sangay ng kabihasnan ay unti-unting nagkakawatak-watak sa mga kanlurang bansa. Ang pamamaraan ng Islam sa pagtataguyod ng pamilya ay naghahatid sa isang maayos at pagkakapantay-pantay ng lalake, babaing asawa, ang mga anak at mga kamag-anakan. Ang Islam ay nag-aanyaya ng kabaitan, pagtutulungan at pagmamahalan sa isang lubusang maayos na pamamaraanang pampamilya.

ANG KABUUANG PANANAW NG BUHAY

Ang tao ay nabubuhay ayon sa kani-kanilang pananaw sa buhay. Ang masakit na bunga ng sekular² na lipunan ay nabigong pag-ugnay-ugnayin ang iba't ibang aspeto ng buhay. Ang materyal at pisikal, ang agham at ispiritwal na pamumuhay ay tila magkakasalungat. Nguni't sa Islam, binigyang lunas ang pagkakasalungatan ng iba't ibang aspeto ng buhay at naghatid ng pagkakatugma-tugmang pananaw ng tao tungkol sa buhay.

² Sa mga di-Muslim na bansa, ang kanilang pamahalaan ay walang kaugnayan sa relihiyon. Walang karapatang makialam ang simbahan sa pamamalakad ng pamahalaan. Halimbawa, bagaman ipinagbabawal ng simbahan ang pag-inom ng alak, wala naman itong karapatan na pigilin ang paggawa ng alak na binigyan ng lisensiya ng pamahalaan. Pinagbabawal ng simbahan ang sugal nguni't pinahihintulutan naman ng pamahalaan ang mga casino at mga loterya.

ANG KONSEPTO NG DIYOS SA RELIHIYONG ISLAM

Ito ay isang di-mapasubaliang katotohanan na bawa't wika ay mayroong isa o higit pang kataga o taguri na ginagamit tungkol sa Diyos at kung minsan sa paraang mababa pa kaysa rito. Nguni't ito ay hindi angkop sa pangalang "Allah". Ang Allah ay pansariling ngalan ng Tangi at Nag-iisang tunay na Diyos. Walang iba pa ang maaaring tawagin o pangalanang "Allah". Ang katagang ito ay walang pangmaramihang bilang. Ito ay nagpapahiwatig ng kaibahan kung ihahambing sa salitang Diyos na maaaring kasangkutan ng pangmaramihang bilang tulad ng: mga diyos (gods) o kasariang pambabae (diyosa o goddess). Nakasisiyang bigyang-pansin na ang pangalang Allah ay pansariling ngalan ng diyos sa wikang Aramaik, ang wika ni Hesus at kapatid na wika ng Arabik.

Ang Nag-iisang tunay na Diyos ay isang paglalarawan ng kaiba at natatanging konsepto na iniuugnay ng Islam sa (pagkilala sa) Diyos. Sa isang Muslim, ang Allah ay Siyang Makapangyarihang Diyos, Ang Nag-iisang Manlilikha at Tagapanustos ng Sanlibutan na walang katulad sa sinuman o sa anupamang Kanyang nilikha at walang sinuman o anuman ang maaaring ihambing sa Kanya. Ang Propeta Muhammad ay tinanong ng mga di-Muslim tungkol sa Allah; ang kasagutan ay tuwirang nagmula sa Allah sa anyo ng isang (kapahayagan) maikling kabanata ng Qur'an, na itinaturing bilang buod ng Kaisahan o Kahulugan ng Monoteismo

(Pagkilala sa Tanging Tunay na Diyos). Ito ay ang Kabanata na nagpahayag ng malinaw na konsepto:

"Sabihin (O Muhammad), Siya ang Allah, ang Tanging Nag-iisang Diyos. Ang Walang Hanggang inaasahan ng lahat. Siya ay hindi nagkaanak at hindi rin Siya ipinanganak. At sa Kanya ay walang makatutulad." (Qur'an 112:1-4)

Sa ibang di-Muslim, kanilang sinasabi na ang Diyos (Allah) ng Islam ay mahigpit at malupit na Diyos na nag-uutos ng ganap na pagsunod. Na Siya ay hindi mapagmahal at mabait. Wala nang higit pang malayo sa katotohanan maliban sa paratang na ito. Sapat ng malaman na maliban sa isang kabanata, ang kabuuang 114 na kabanata ng Qur'an ay nagsisimula sa talatang "Sa Ngalan ng Allah, ang Mahabagin, ang Maawain." Sa isa sa mga Hadith ni Propeta Muhammadﷺ, siya ay nagsabi sa atin na: *"Ang Allah ay mapagmahal at mabait nang higit pa kaysa sa isang ina na nagmamahal sa kanyang anak."*

Nguni't ang Allah ay (Ganap na) Makatarungan. Samakatuwid, ang mga mapaggawa ng kasamaan at kasalanan ay may karampatang kaparusahan at ang mga mabubuti naman ay may kaukulang Pagpapala at Biyaya. Katotohanan pa nito, ang Awa bilang Banal na Katangian ng Allah ay isang ganap na palatandaan ng Kanyang Katarungan. Ang mga taong nagdurusa ng habang buhay nang dahil sa pagmamahal at pagsunod sa Kanya at ang mga mapang-api at mapag-abusong tao na umaalipin sa

kapwa tao ay hindi maaaring tumanggap ng magkatulad na pakikitungo, ugnayan o pagturing mula sa (Ganap na Makatarungang) Allah. Ang umasa ng magkatulad na pagturing o ugnayan sa kanila ay katumbas na rin ng pagtakwil sa paniniwala tungkol sa pananagutan ng tao sa kabilang buhay (sa Araw ng Paghuhukom) at samakatuwid, ito ay pagpapahiwatig din ng pagtakwil sa lahat ng pagpapalang nakalaan sa mga moral na gawain at mga kabutihan sa buhay sa mundong ito. Ang sumusunod na talata ng Qur'an ay maliwanag at matuwid na nagbibigay aral:

"Katotohanan, sa mga mabubuti (nakalaan sa kanila) ay mga Hardin ng kasiyahan sa harap ng kanilang Panginoon. Amin bang ituturing na magkatulad ang taong may (tamang) pananampalataya tulad ng mga taong makasalan? Ano ba ang nangyari sa inyo? Paano ba kayo humusga? (Qur'an 68:34-36)

Tinatalikdan ng Islam ang pagbibigay ng larawan sa Allah sa anyong tao o paglalarawan sa Kanya bilang Diyos na may kinikilingan o itinatanging isang tao o bansa batay sa yaman, kapangyarihan o lahi. Nilikha Niya ang sangkatauhan nang pantay-pantay. Ang tao ay maaari lamang magkaroon ng pagkakaiba sa isa't isa at makamit ang pagpapala ng Allah batay sa antas ng kanilang kabutihan at kabanalan.

Ang konsepto o pagkilala sa Diyos (Allah) na Siya ay namahinga sa ikapitong araw ng paglikha, na Siya ay nakipagbuno sa isa Niyang sundalo, na ang Allah ay mapanibughuin na nagbabalak ng kasamaan laban

sa sangkatauhan, o na ang Allah ay nagkatawang tao ay isinasaalang-alang bilang isang kalapastanganan sa (kabanalan at kadakilaan ng) Makapang-yarihang Allah mula sa pananaw ng Islam.

Ang natatanging paggamit ng Allah bilang sariling pangalan ng Diyos ay isang paglalarawan ng pagbibigay-diin ng Islam sa dalisay at malinis na pagkilala at paniniwala sa Allah, na ito ang tunay na diwa ng mensahe ng lahat ng Sugo at Propeta ng Allah. Nang dahil dito, itinuturing ng Islam ang pag-uugnay ng anumang diyus-diyusan o pag-aakibat ng katangian sa tunay na Diyos bilang malaking kasalanan na walang kapatawaran sa kabila ng katotohanang maaari Niyang patawarin ang iba pang kasalanan.

Ang likas ng Tagapaglikha ay nararapat na naiiba kaysa sa likas ng mga nilikha Niyang bagay sapagka't kung Siya ay may likas na tulad ng mga nilikha, Siya ay pansamantala lamang samakatuwid nangangailangan ng isang manlilikha. Nguni't, katotohanan, wala Siyang makakatulad. Kung ang Tagapaglikha ay hindi pansamantala lamang, nangangahulugan na Siya ay walang hanggan. At kung Siya ay walang hanggan, samakatuwid hindi Siya maaaring likhain at kung walang sinuman o anupaman ang makalilikha sa Kanya upang mabuhay, wala sa labas Niya ang maaaring makapagbigay sa Kanya ng pananatili upang mabuhay at sa gayon Siya ay ganap na walang pangangailangan. At kung hindi Siya umaasa sa anumang bagay upang manatiling buhay sa Kanyang sarili, ang Kanyang

buhay ay walang katapusan. Samakatuwid, ang Tagapaglikha ay walang hanggan at walang kamatayan. Siya ang Una (na walang nauuna sa Kanya) at ang Huli (na walang nasa Kanyang hulihan).

Siya ay walang pangangailangan o walang inaasahan upang mabuhay at sa katangiang ginamit ng Qur'an na Siya ay tinatawag na *Al Qayyum*. Ang Tagapaglikha ay hindi lamang lumilikha upang bigyang buhay ang mga ito kundi Siya ang Tagapagpanatili sa kanila at Siya rin ang kumukuha ng kanilang buhay at Siya ang pangunahing dahilan ng anumang kasasapitan o mangyayari sa kanila.

"Ang Allah ay Siyang Tagapaglikha ng lahat ng bagay, at Siya rin ang Tagapangalaga ng mga ito. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng mga susi ng mga kalangitan at ng kalupaan. (Qur'an 39:62-63)

"Walang anumang nilikhang gumagapang sa balat ng lupa maliban ang kabuhatan nito ay nagmumula sa Allah. Nababatid Niya ang kanilang himlayan at kanilang mga lunggaang kinatataguan."

ANG MGA KATANGIAN NG ALLAH

Kung ang Tagapaglikha ay walang hanggan at walang kamatayan, magkagayon, ang Kanyang mga katangian ay walang hanggan at walang katapusan. Hindi maaaring mawala ang anumang Kanyang katangian o maaaring magkaroon ng panibagong katangian. Samakatuwid, ang Kanyang mga

katangian ay Ganap. Mayroon kayang higit sa isang Tagapaglikha na mayroong ganap na katangian? Halimbawa, mayroon kayang dalawang ganap na makapangyarihang tagapaglikha? Sa isang iglap na pag-iisip, ito ay nagpapahiwatig na kailanman ito ay hindi maaaring mangyari.

Ang Qur'an ay nagbigay ng maikling paliwanag tungkol sa pagtatalong ito batay sa talata ng Qur'an ng ganito:

"Ang Allah (Diyos) ay hindi nagkaroon ng sariling anak o mayroong iba pang diyos na kaugnay Niya. Kung magkagayon nga, bawa't diyos ay magka-kanya-kanyang mamamahala sa kanyang mga nilikha at ang iba sa kanila ay maaaring mangibabaw kaysa sa iba. (Qur'an 23:91)

"Kung mayroon mang diyos dito (sa mga kalangitan at kalupaan) bukod sa Allah, katiyakang mawawasak ang mga ito." (Qur'an 21:22)

ANG KAISAHAN NG ALLAH

Ang Qur'an ay nagpapaalala sa atin tungkol sa pag-aakalang maraming diyos. At sa mga sumasamba sa mga diyus-diyusan na gawa o nililok lamang ng tao, ang Makapangyarihang Allah ay nagtanong:

Sinabi Niya: "Sinasamba ba ninyo kung ano ang nililok ng inyong sarili (mga kamay)? (Qur'an 37:95)

"O kayo ay kumuha para sa inyong sarili ng iba pang tagapangalaga?"

Sa mga sumasamba sa mga bagay na nasa kalangitan, binanggit ang kasaysayan ni Propeta Abraham:

"Nang ang kadiliman ng gabi ay lumatag sa kanya, kanyang natanaw ang bituin at kanyang sinabi, "Ito ang aking Panginoon." Nguni't nang ito ay maglaho, siya ay nagsabi: "Hindi ko nais ang mga naglalaho." At nang kanyang matanaw ang buwan na lumi-liwanag, sinabi niya: "Ito ang aking Panginoon." Nguni't, nang ito ay nangulimlim, siya ay nagsabi: "Kung ako ay hindi papatnubayan ng aking Panginoon, katiyakan na ako ay mapapabilang sa mga nangaligaw." At nang makita niya ang araw na sumisinag, kanyang sinabi "Ito ang aking Panginoon, ito ang pinakamalaki." Nguni't nang ito ay maglaho, sinabi niya "O aking mga mamamayan, katiyakang ako ay walang kamalayan sa mga ginagawa ninyong pagbigay katambal (sa Kaisahan ng Allah). Ibinabaling ko ang aking mukha sa Kanya na Siyang lumikha ng mga kalangitan at ng kalupaan; Hanifa (walang sinasamba maliban sa Allah lamang) at ako ay hindi kabilang sa mga nang-iidolo." (Qur'an 6:76-79)

ANG MAGANDANG ASAL NG ISANG TUNAY NA MANANAMPALATAYA

Upang maging isang tunay na Muslim (taong isinusuko ang sarili sa Allah), nangangailangan na

maniwala lamang sa tanging isang Diyos, sa pananaw ng Kanyang pagiging Tanging Isang Tagapaglikha, Tagapangalaga, Tagapanustos at iba pa. Nguni't, ang paniniwalang ito, na sa katagalan ay tinawag na *Tawhid Arruboobiyyah*, ay hindi sapat. Sapagka't, marami sa mga nang-iidolo ang nakaalam at naniniwala na ang tanging Kataas-taasang Allah ang maaaring makagawa lamang nito. Kaya, hindi ito sapat upang sila ay tawaging Muslim sa tunay na kahulugan bagaman na sila ay naniniwala. Magkagayon, sa *Tawhid Arruboobiyyah*, dapat pang idagdag ang *Tawhid Al'Uloohiyyah* (ang pagtanggap ng katotohanan na ang Allah lamang ang nararapat pag-ukulan ng pagsamba), at sa gayon, dapat talikdan o iwasan ang pagsamba sa anupamang bagay o sa sinumang nilikha.

Sa pagkamit ng kaalamang ito ukol sa tunay na Diyos, ang tao ay nararapat na palagiang may pananalig sa Kanya, at nararapat na walang bagay ang maaaring maging daan upang talikdan ang katotohanang ito.

Kapag ang pananalig o pananampalataya ay pumasok sa puso ng tao, ito ay nagkakaroon ng magandang kaisipan na nagbubunga ng mga ibang mabubuting gawain. Ang magandang kaisipang ito kalakip ng mabubuting gawain ay mga patunay o tanda ng pagkakaroon ng tunay at tamang pananampalataya. Ang Propeta ay nagsabi: "*Ang Pananampalataya (Iman) ay yaong nananatiling matatag sa puso at binibigyang patunay ng mga (mabubuting) gawa.*"

Ang pangunahing bagay na matatagpuan sa isang magandang kaisipan ay ang pagkakaroon ng damdamin ng pasasalamat sa Allah, na maaaring tawagin bilang ang diwa ng pagsamba (Ibadah).

Ang damdamin ng pasasalamat ay lubhang mahalaga sapagka't ang mga walang pananam-palataya ay tinatawag na *Kafir* na nangangahulugan ng "*isang nagtatakwil ng katotohanan at walang pasasalamat (sa Allah).*"

Ang tunay na mananampalataya ay nagmamahal at nagpapasalamat sa Allah sa mga pagpapala o biyaya na ipinagkaloob sa kanya, nguni't dahil nababatid niya ang katotohanan na ang kanyang mabubuting gawa, maging ito man ay pangkaisipan o pisikal, ay malayo upang matumbasan ang mga pagpapala ng Allah sapagka't siya ay lagi nang maingat sa pangambang maaari siyang parusahan sa kanyang mga gawain maging dito sa mundong ito o sa kabilang buhay. At dahil nga na siya ay may takot sa Kanya, kaya tapat at buong puso na isinusuko niya ang sarili sa Kanya at naglilingkod ng buong kababaang-loob. Hindi makakamit ng sinuman ang ganitong kalagayan kung walang pagbibigay alaala sa Allah. Ang pagbibigay alaala sa Allah ay siyang buhay na lakas ng pananalig, na kung wala ito, ang pananampalataya ay maglalaho at mawawala. Ang Qur'an ay nagtangkang itaguyod ang damdamin ng pasasalamat sa pamamagitan ng paulit-ulit o palagiang pagsambit ng mga katangian ng Allah. Ating matatagpuan ang karamihan sa Kanyang mga

Banal na Katangian na binanggit sa mga talata ng Qur'an.

"Siya ang Allah, walang tunay na diyos (na dapat sambahin) maliban sa Kanya. Ang nakaaalam sa mga lingid at hayag. Siya ang Maawain, ang Mapagpala. Siya ang Allah, walang tunay na diyos (na dapat sambahin) maliban sa Kanya, ang Hari, ang Ganap na Banal, Ang (Pinagmumulan ng) Kapayapaan, ang Tagapagpatunay, ang Tagapagbantay, ang Makapangyarihan, ang Kagila-gilalas (at di-Mapaglalaman), ang Matayog. Luwalhati sa Allah, (Siya ay) malayo sa anupamang bagay na iniaakibat nila sa Kanya. Siya ang Allah, ang Tagapaglikha, ang Tagapaggawa, ang Nagbibigay Hugis at Anyo. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng naggagandahang mga Pangalan. Bawa't bagay sa mga kalangitan at kalupaan ay nagbubunyi sa Kanya. At Siya ang Ganap na Makapangyarihan (at) ang Tigib ng Karunungan." (Qur'an 59:22-24)

"Allah, walang tunay na diyos (na dapat sambahin) maliban sa Kanya, ang nananatiling buhay, ang (Tanging) Isang Tagapagpanatili (at Tagapanustos sa lahat ng nilalang). Ang idlip o antok ay hindi makapangyayari sa Kanya. Siya ang nagmamay-ari ng lahat ng bagay na nasa mga kalangitan at kalupaan. Sino ang makapamamagitan sa Kanya malibang Kanyang pahintulutan? Batid Niya kung anong nangyari (sa Kanyang mga nilikha) sa mundong ito at kung ano ang mangyayari sa kanila sa kabilang buhay. At sino man ay walang

makapang-aabot sa Kanyang Kaalaman maliban Kanyang naisin. Ang Kanyang Luklukan ay abot sa mga kalangitan at kalupaan at hindi Siya nakadarama ng kapaguran sa pangangalaga at pangangasiwa sa kanila. Sapagka't Siya ang Kataas-taasan (sa Kaluwalhatian). Ang Dakila." (Qur'an 2:255)

"O Angkan ng Kasulatan, huwag kayong lumagpas sa mga hangganan ng inyong relihiyon, at huwag kayong magsalita tungkol sa Allah maliban ang katotohanan. Ang Mesiyas Hesus, anak ni Maria ay (hindi hihigit pa sa) isang Sugo ng Allah lamang, at Kanyang Salita na Kanyang iginawad kay Maria, at isang Ruh (espritu) mula sa Kanyang (nilikha). Kaya maniwala sa Allah at sa Kanyang Sugo, at huwag sabihin na: Tatlo (ang Diyos) (magsitigil kayo!) Iwasan, at ito (ay higit na) makabubuti sa inyo. Katotohanan, ang Allah ay isang tanging Diyos lamang. Luwalhati sa Kanya na sadyang malayo sa pagkakaroon ng anak. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng lahat ng nasa mga kalangitan at lahat ng nasa kalupaan, at sapat na ang Allah bilang Tagapangasiwa" (Qur'an 4:171)

ANG KONSEPTO NG PAGSAMBA SA RELIHIYONG ISLAM

Ang kahulugan o konsepto ng Pagsamba sa Islam ay sadyang lihis sa tunay na pang-unawa ng maraming tao kabilang na rito ang ibang Muslim. Ang pagsamba ay karaniwang binibigyan lamang ng

kahulugan sa larangan ng pagsasagawa ng mga rituwal tulad ng pagdarasal, pag-aayuno, kawang-gawa at iba pa. Ang ganitong limitadong pang-unawa tungkol sa pagsamba ay isa lamang bahagi nang malawak na kahulugan o konsepto ng pagsamba sa Islam. Ito ang dahilan kung bakit ang karaniwang kahulugan ng pagsamba ay isinasaalang-alang ng Islam bilang isang malawak na kahulugan na binubuo halos ng lahat ng bagay na sumasakop sa mga gawain ng isang tao. Ang kahulugan ay nagpapahiwatig ng ganito: **"Ang pagsamba (Ibadah) ay isang pangkalahatang kataga na nakaugnay sa lahat ng gawain, salita ng isang tao na ikinasisiya, kinalulugdan o minamahal ng Allah maging ito man ay panlabas o panloob."** Sa madaling salita, ang pagsamba ay sumasakop sa lahat ng bagay na ginagawa o sinasabi ng tao na naglalayon upang bigyang kasiyahan ang Allah. Ito, samakatuwid, ay kinabibilangan o binubuo ng mga rituwal, paniniwala, panlipunang gawain, at pansariling pagpupunyagi para sa kapakanan o kabutihan ng bawa't tao.

Isinasaalang-alang ng Islam ang isang tao bilang isang ganap na kabuuan. Kaya naman, siya ay may tungkuling isuko ng buong ganap ang kanyang sarili sa Allah, sapagka't ang Qur'an ay nag-utos kay Propeta Muhammad ﷺ na tumalima sa ganitong kautusan:

"Sabihin (O Muhammad) ang aking asal, ang aking pagsasakripisyo, ang aking buhay at ang aking kamatayan ay para lamang sa Allah, ang Panginoon

ng lahat ng nilikha; Siya (Allah) ay walang kasama (sa pagiging tanging Diyos) at ito ang ipinag-utos sa akin at ako ang pinakaunang tumatalima (sa Kanya) bilang Muslim.” (Qur’an 6:162-163)

Ang likas na bunga ng pagsuko at pagtalima (sa Nag-iisang Diyos, ang Allah) ay nagpapahiwatig na ang lahat ng gawain ay nararapat na umaayon sa lahat ng kautusan ng Tanging Isang (Diyos) na kung saan ang tao ay inutusang sumuko o tumalima. Ang Islam, bilang isang pamamaraan ng buhay, ay nangangailangan na ang tagasunod nito ay maging huwaran sa kanilang pamumuhay batay sa mga aral ng bawa’t aspeto nito maging ito man ay pang-relihiyon o hindi. Ito ay maaaring kakaiba sa pandinig ng ibang tao na ang kaisipan nila tungkol sa relihiyon ay nauukol lamang bilang pansariling ugnayan sa pagitan ng tao at Allah, na walang kaugnayan sa gawain ng tao sa labas ng mga rituwal.

Ang katotohanan nito, ang Islam ay hindi nag-uukol nang higit na pansin sa mga rituwal na gawain kung ang mga ito ay walang naidudulot na kabuluhan sa panloob na buhay ng tao. Ang Qur’an ay nanawagan sa mga mananampalataya (Muslim) at sa kanilang mga kapitbahay mula sa *Angkan ng Kasulatan*³ (Kristiyano at Hudyo noong panahon na yaon sa Madinah ay magkakasama sa isang pamayanan) na

³ Ahlal Kitab (Angkan ng Kasulatan). Katulad ng mga Muslim, ang mga Kristiyano at Hudyo ay nakatanggap din ng mga banal na Kasulatan. Si Hesus, anak ni Maria (a.s.) ay ipinagkaloob sa kanya ang Ebanghelyo (Injeel) at si Moises naman ay ang Torah (Tawrat).

nakikipagtalo sa kanila tungkol sa pagbabago ng Qiblah (direksiyon ng pagdarasal):.

"Hindi isang Birr (kabutihan, kabanalan at pagsunod sa Allah) na iharap ninyo ang inyong mga mukha tungo sa dakong silangan at kanluran (sa pagdarasal) subali't, ang Birr ay (isang katangian na) maniwala sa Allah, at sa Huling Araw, sa mga Anghel, sa Aklat, sa mga Propeta at namamahagi ng kanyang yaman sa kabila ng pagmamahal dito para sa mga kamag-anakan, sa mga ulila at sa mga dukha at naglalakbay at yaong mga humihingi at pagpapalaya ng mga alipin, nagsasagawa ng pagdarasal at nagbibigay ng Zakat at tumutupad ng kanilang mga kasunduan kapag sila'y nakipagkasundo at matiisin sa (panahon nang) labis na paghihikahos at (malubhang) karamdaman at sa panahon ng pakikipaglaban. Sila yaong taong makatotohanan at sila ang Muttaqun." (Qur'an 2:177)

Ang mga gawain sa mga talatang nabanggit sa itaas ay mga gawang kabutihan (at kabanalan) at ang mga ito ay bahagi lamang ng tinatawag na pagsamba sa malawak na pananaw ng Islam. Ang Propeta ay nagsabi sa atin tungkol sa pananam-palataya o pananalig (Iman) na siyang batayan ng pagsamba, na ito ay binubuo ng animnapung (60) sangay: ang pangunahing sangay nito ay ang **"Laailaaha illallah"** ang paniniwala sa Kaisahan ng Allah at ang pinakamababang sangay naman nito ay ang pagtanggap ng anumang sagabal o dumi mula sa mga daraanan ng tao.

Ang marangal na hanapbuhay ay itinuturing ng Islam bilang isang uri ng pagsamba. Ang Sugo ng Allah ay nagsabi: *"Sinumang nakadarama ng kapaguran nang dahil sa kanyang (marangal na) hanapbuhay, sa pagsapit ng takipsilim, patatawarin ng Allah ang kanyang mga kasalanan."*

Ang paghahanap ng kaalaman ay isa sa pinakamataas na uri ng pagsamba. Ang Propeta ng Allah ay nagsabi sa kanyang mga kasamahan na: *"Ang paghahanap ng kaalaman ay isang tungkulin ng bawāt Muslim."*

Sa isang Hadith, sinabi niya: *"Ang paghahanap ng kaalaman sa isang oras ay higit na mainam kaysa sa pagdarasal ng (70) pitompung taon."* Ang kaaya-aya at magandang panlipunang pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan ay bahagi rin ng pagsamba kung ito ay ginagawa nang dahil sa pagbibigay lugod sa Dakilang Allah sapagka't ang Propeta ay nagsabi sa atin: *"Ang pagtanggap ng iyong kaibigan nang may ngiti ay isang uri ng kawanggawa, ang pagtulong sa isang tao upang ikarga ang kanyang dalahin sa kanyang (sasakyang) hayop ay isang uri ng kawanggawa at ang pagbuhos ng tubig sa lalagyan ng iyong kapitbahay ay isang kawanggawa."*

Mahalagang banggitin din na maging ang pagsasakatuparan ng mga tungkulin ay itinuturing bilang isang pagsamba. Ang Propeta ay nagsabi sa atin na anuman ang ginugol para sa kanyang pamilya ay isang uri ng kawanggawa; siya ay gagantimpalaan kung ito ay nagmula sa paraang

pinahintulutan. Ang kabaitan sa pamilya ay isang gawang pagsamba maging ang pagsubo ng kapisang pagkain sa bibig ng asawa, at ito ang sinabi ng Propeta sa atin. Ang anumang gawa na kinalulugdan at ikinasisiya ay itinuturing na gawang pagsamba kung ito ay ginagawa ayon sa aral ng Propeta. Ang Propeta ay nagsabi sa kanyang mga kasamahan na sila ay gagantimpalaan kahit sa pakikipagtalik sa kanilang mga asawa. Ang mga kasamahan ng Propeta ay nagulat at nagtanong. Paano kami gagantimpalaan sa bagay na aming ikinasisiya? Ang Propeta ay nagtanong sa kanila: *"Halimbawang ang iyong pagnanasang sekswal ay ginawa mo sa paraang ipinagbabawal, palagay mo ba ay hindi ka parurusahan?"* Sila ay sumagot ng *"Oo, kami ay parurusahan."* Ang Propeta ng Allah ay nagsabi: *Kaya, ang inyong pagnanasa na isinagawa sa paraang pinahihintulutan ay ginagantimpalaan."* Samakatuwid, ito ay mga gawaing pagsamba.

Kaya, sa pananaw ng Islam, ang pakikipagtalik ay hindi isang maruming bagay na dapat iwasan. Nagiging marumi at kasalanan lamang ito kung isinagawa sa labas ng (sagradong batas ng) pag-aasawa.

Maliwanag sa mga naunang talakayan na ang konsepto o kahulugan ng pagsamba sa Islam ay malawak na kinabibilangan ng lahat ng mabuti at makabuluhang gawain ng isang tao. Samakatuwid, ito ay umaalinsunod sa pangkalahatang likas ng Islam bilang isang Pamamaraan ng Buhay. Itinataguyod nito ang makataong pamumuhay sa

lahat ng antas: ang pansarili, panlipunan, pangkabuhayan, pampolitikal at ispirituwal. Kaya, ang Islam ay nagbibigay ng patnubay maging sa pinakamaliit na detalye ng buhay ng tao sa lahat ng kalagayan nito. Kaya, ang pagsunod sa detalyeng ito ay tanda ng pagsunod sa mga aral ng Islam sa naturang kasa-kupan. Ito ay isang sangkap na labis na nakapag-bibigay sigla kung ating nauunawaan na ang lahat ng gawain ay isinasaalang-alang (at itinuturing) ng Makapangyarihang Diyos (Allah) bilang mga gawang pagsamba. Ito ay nagbibigay daan sa tao upang hangarin (o hanapin) niya ang kasiyahan ng Allah sa pamamagitan ng pagiging tapat sa kanyang mga gawain at laging nagtatangkang gawin ang mga ito sa pinakamahusay na pamamaraan maging siya man ay nasa ilalim ng pagmamaside ng kanyang pinaglilingkuran o kaya ay nag-iisa lamang. Sa gayon, ang tao ay nakababatid na mayroon laging Isang permanenteng Tagapagmasid, na nakaaalam ng lahat ng bagay, ito ay ang Makapangyarihang Diyos, ang Allah.

Ang pagtalakay ng mga di-rituwal na gawaing pagsamba sa Islam ay hindi naman nangangahulugan na walang pagpapahalaga sa mga rituwal na gawain. Ang katotohanan nito, ang mga rituwal na pagsamba na kung isinasagawa sa tunay na diwa nito ay nagdudulot ng mataas na moral at ispirituwal na kaunlaran at naitataguyod ng tao sa maayos na paraan ang kanyang mga gawain sa lahat ng kalakaran ng buhay batay sa Patnubay ng Allah. Sa lahat ng mga rituwal na pagsamba, ang Salah (pagdarasal) ay sumasakop ng pangunahing bahagi

sa pang-araw-araw na buhay ng tao at ito ay batay sa dalawang kadahilanan. Una, ito ang tanda ng pagkakakilanlan ng isang (tunay at tapat na) mananampalataya. Ikalawa, ito ang pumipigil sa tao mula sa mga kasuklam-suklam at masamang bisyo sa pamamagitan ng tuwirang pakikipag-ugnayan sa kanyang Tagapaglikha na limang ulit sa isang araw na kung saan lagi at lagi niyang isinasa-katuparan ang kasunduan niya sa Allah at hinahanap ang patnubay sa tuwina:

"Ikaw lamang ang aming sinasamba at Ikaw lamang ang hinihingan namin ng tulong. Patnubayan Mo kami sa matuwid na landas". (Qur'an 1:4-5)

Katunayan, ang *Salaah* ang unang praktikal na patunay ng pananampalataya at ito ang pangunahing patakaran upang makamtan ng mananampalataya ang tagumpay:

"Tunay na ang mga magtatagumpay ay yaong (tapat na) mananampalataya na mapagpakumbaba sa kanilang mga pagdarasal." (Qur'an 23:1-2)

Ang ganitong katotohanan ay binigyang-diin din ng Propeta sa ibang paraan. Sinabi niya: *"Silang nagsagawa ng kanilang Salaah na may kalakip na pag-iingat at (sila ay) maagap, kanilang matatagpuan ang liwanag, ang patunay ng kanilang pananampalataya at maging sanhi ng kanilang kaligtasan sa Araw ng Paghuhukom."*

Pagkaraan ng *Salaah*, ang *Zakat* (kawanggawa sa mga dukha at mahihirap) ay isang mahalagang haligi ng Islam. Sa Banal na Qur'an, ang *Salaah* at *Zakat* ay halos sabay o magkasamang binabanggit. Katulad ng *Salaah*, ang *Zakat* ay isang malinaw na patunay ng pagkakaroon ng (tunay na) pananampalataya sa Allah at ito ay nagpapahiwatig na ang Allah ang Siyang tanging nagmamay-ari ng lahat ng bagay dito sa buong sanlibutan, at anumang pinanghahawakan ng tao ay isa lamang "tiwala" na ipinagkaloob ng Allah sa kanilang mga kamay na kung saan sila ay ginawang katiwala ng Allah upang sa gayon ay tuparin ito ayon sa Kanyang itinakda:

"Maniwala sa Allah at sa Kanyang Sugo at gumugol mula sa anumang (bagay) na sa inyo ay ipinagkatiwala." (Qur'an 57:7)

Sa ganitong kalagayan, ang *Zakat* ay isang gawang pananalig na katulad ng pagdarasal, at nagiging daan sa isang mananampalataya upang mapalapit nang higit sa kanyang Panginoon.

Bukod pa rito, ang *Zakat* ay isang paraan ng pamamahagi ng kayamanan upang pawiin ang agwat ng pagkakaiba na namamagitan sa iba't ibang uri at pangkat ng tao. Ito ay nagbibigay ng pantay na pakikipagtulungan upang magkaroon ng panlipunang katatagan. Pinadadalisay nito ang kaluluwa ng mga mayayaman mula sa kasakiman (o karamutan) at ang kaluluwa naman ng isang mahirap mula sa inggit at suklam laban sa lipunan, pinipigil nito ang daan tungo sa pagkamuhi at tinatanggang umusbong ang

diwa ng pagkakapatiran at pagkakaisa sa bawa't isa. Ang gayong katatagan ay hindi lamang nakasalalay sa pansariling damdamin ng mga mayayaman: (higit sa lahat) ito ay nakatayo sa matatag na karapatan (ng bawa't dukha na) kung ito ay talikdan man o ipagkait ng mayayaman, ito ay maaaring kuhanin ng sapilitan, kung kinakailangan (sapagka't ito ay isang tungkuling itinakda ng Allah).

Ang pag-aayuno (sa buwan ng Ramadhan) ay isa pang haligi ng Islam. Ang pangunahing layunin ng pag-aayuno ay upang gawing dalisay ang Muslim sa kanyang "panloob" sapagka't ang ibang aspeto ng Shariah (Batas ng Islam) ay naglilinis naman sa kanyang panlabas. At dahil sa gayong kalinisan at kadalisayan, siya ay nakatutugon sa anumang katotohanan at kabutihan at tinatalikdan naman kung ano ang kasinungalingan at kasamaan. At ito ang aming pagkakaunawa sa talata ng Banal na Qur'an na nagsabing:

"O kayong mananampalataya, ang pag-aayuno ay ipinag-utos sa inyo katulad ng pag-uutos sa mga nauna sa inyo, upang inyong matamo ang kabanalan." (Qur'an 2:183)

Mula sa pinananaligang Hadith, ang Sugo ng Allah ay nagsabi na ang Allah ay nagsabi: *"Kanyang ipinagpaliban ang pagkain, pag-inom, at pagnanasang sekswal nang dahil sa Akin."* Kaya, ang kanyang gantimpala ay ayon sa dakilang Biyaya ng Allah.

Ang pag-aayuno ay gumigising sa diwa ng isang tao at binibigyan ng puwang ang pagsasanay sa isang pinagkaisang (sama-samang) karanasan sa lahat ng lipunan sa magkatulad na oras kaya ito ay nagbibigay nang higit pang katatagan sa bawa't tao. Karagdagan pa rito, ang pag-aayuno ay nagha-handog ng isang itinakdang panahon para sa pagod na katawan ng tao (na tila makinarya) na pansa-mantalang tumigil sa bilang ng isang buwan. Ang pag-aayuno ay nagbibigay paalala sa mga kapus-palad na Muslim na dumadanas ng kahirapan sa kanilang buhay. Kaya ang pag-aayuno ay nagtuturo kung paano maramdaman ang hirap na dinadanas ng iba, ang mga kapus-palad na kapatid sa Islam kaya ito ang nag-aanyaya sa atin ng pagmamalasakit at kabaitan sa kanila.

Sa huli, dumako tayo sa paksang nauukol sa *Hajj* (ang paglalakbay sa Banal na Tahanan ng Allah sa Makkah). Itong mahalagang haligi ng Islam ay naglalarawan ng isang natatanging pagkakaisa ng mga Muslim na humahawi nang anumang uri ng pagkakaiba na namamagitan sa kanila. Ang mga Muslim sa lahat ng panig ng mundo ay nakasuot ng magkakatulad na damit, tumatalima sa panawagan ng *Hajj* sa iisang tinig at iisang wika: **LABBAIK ALLAHUMMA LABBAIK** (*Narito akong sa Iyo ay tumatalima, O! aking Panginoon*). Sa panahon ng *Hajj*, sadyang mayroong mahigpit na pagsasanay para sa sariling disiplina at pagpipigil na hindi lamang mga sagradong gawain ang ipinagkakapuri kundi kahit na ang buhay ng mga halaman at ibon

ay ipinag-utos na huwag patayin upang ang lahat ay mamuhay sa ligtas na kalagayan:

"At siya na nagbibigay dangal sa mga sagradong bagay ng Allah, magkagayon, ito ay makabubuti sa kanya sa paningin ng Allah." (Quran 22:30) At siya na nagbigay dangal sa mga tanda ng Allah, katiyakan, ito ay mula sa kabanalan ng mga puso." (Qur'an 22:32)

Ang Hajj ay isang pagkakataon sa lahat ng Muslim mula sa lahat ng lipon, uri, pamayanan, at pamahalaan mula sa lahat ng lupalop ng mundo na magkatipon-tipon sa taunang Hajj upang humarap sa isang Dakilang Pagtitipon. Ang oras at lugar ng pagtitipon ay itinakda ng kanilang tanging isang Diyos, ang Dakilang Allah. Ang paanyaya upang lumahok ay bukas sa bawa't Muslim. Walang sinuman ang maaaring humadlang sa kaninumang magnais na magsagawa nito. Bawa't Muslim na lalahok ay binibigyan ng ganap na kaligtasan at kalayaan hanggang hindi siya lumalabag sa batas pangkaligtasan nito.

Kaya, ang pagsamba sa Islam, maging ito man ay rituwal o hindi rituwal ay nagsasanay sa bawa't tao sa paraang higit niyang mamahalin ang kanyang Tagapaglikha at sa gayon ay makatatamo siya nang malayang kalooban at diwa upang pawiin ang lahat ng kasamaan at pang-aabuso mula sa lipunan ng tao at ibantayog at pangibabawan ang Salita ng Allah sa buong mundo.

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa Islam, mangyaring makipag-ugnayan sa mga sumusunod na tanggapan:

(ISCAG - Philippines)
Islamic Studies, Call & Guidance-Philippines
Congressional Road, Salitran I,
Dasmarinas, Cavite
Philippines
Tel. (0063 46) 416-3371 / Fax 506-1451
www.iscag.com

(IL&IO)
Islamic Library & Information Office
P.O. Main Box 52916
Stall-B, HL Commercial Building
Pandan Citicenter – Phase 1
Magalang Road, Angeles City
Philippines
Tel. (0063 45) 887-4577
Email: weblikislm@hotmail.com

This book is edited by TT&ESS
Tagalog Translation & Editing Support Services

مجموعة رسائل
الندوة العالمية للشباب الإسلامي
(الجزء الثاني)
(بالفة الطلبنفة أةأالوأ)

ةألف
أأمد أبرفل سالف

مراعاة
نور أفد ماففد - عمر ءارون

www.islamhouse.com

١٤٢٨هـ - ٢٠٠٧م

المأأأب العأافف للءأعفة وءعفة إلالأاف بالءفة
Islamic Propagation Office in Rabwah
P.O.Box 29465 RIYADH 11457 - TEL 4454900 - 4916065
FAX: 4970126 - E-Mail: rabwah@islamhouse.com
http://www.islamhouse.com